

Monoclonal Antibody na Paggamot para sa mga High-Risk (Madaling Magkasakit) na Taong nasa Edad na 12+ na may COVID-19



Nasuri ba kayong positibo para sa COVID?

Makakakuha ng libre at awtorisado ng FDA na monoclonal antibody (mAB) na paggamot. Makakatulong ang paggamot para mabawasan ang inyong mga sintomas at maiwasang maospital.

Ano ang Monoclonal Antibody Therapy?

Ang monoclonal antibodies ay mga protina na tumutulong sa pagpapalakas ng resistensya (immune system) para labanan ang mga virus. Maaaring gamitin ang monoclonal antibodies para gamutin ang mga matanda at nasa hustong gulang na madaling magkaroon ng malubhang sakit mula sa COVID-19.

Available sa lahat ang monoclonal antibody therapy anuman ang insurance sa kalusugan o katayuan sa imigrasyon.



Ang Monoclonal Antibody na Paggamot ay para sa mga taong:

- Nasa edad na 12 at pataas at hindi bababa sa 88 pounds/40 kg ang timbang
- Kamakailang nasuring positibo sa COVID-19 at nakakaranas ng hindi malubha hanggang sa katamtamang mga sintomas ng COVID-19 **O** nalantad sa COVID-19, **AT**
- Nasa isa o higit pa ng mga sumusunod na mga kategorya na madaling magkasakit para sa paghantong sa pagkakaospital o kamatayan :
 - Labis na katabaan o labis ang timbang (body mass index (BMI) na mas mataas o katumbas ng 25 o, kung nasa edad na 12-17, mayroong BMI na \geq 85th percentile para sa edad at kasarian batay sa mga chart ng paglaki ng CDC)
 - Mas matanda (65 taon at mas matanda pa)
 - Pagbubuntis
 - Diyabetis, hindi gumagaling na sakit sa bato, sakit na nagpapahina ng resistensya o paggamot para humina ang resistensya
 - Sakit sa puso, kasama ang mataas na presyon ng dugo at sakit sa puso mula pa sa pagkapanganak at mga sakit sa baga na hindi gumagaling, tulad ng COPD, katamtaman hanggang sa malubhang hika, cystic fibrosis, hypertension sa baga, interstitial na sakit sa baga
 - Cerebral palsy, ilang syndrome sa henetiko/metabolismo at malubhang mga depekto mula sa pagkapanganak; o sickle cell na sakit
 - Tracheostomy, gastrostomy, o positive pressure ventilation na walang kaugnayan sa COVID-19
 - Iba pang mga medikal na kondisyon/dahilan, kabilang ang lahi/etnisidad, na maaaring maglagay sa panganib sa mga pasyente na mas madaling magkaroon ng malubhang sakit.
 - Ang Black/African American, Hispanic/Latino/a/Latinx, at iba pang mga lahi ay dapat makipag-usap sa kanilang tagapagbigay ng medikal na pangangalaga.

Ang **Pag-iwas Pagkatapos Malantad (Prophylaxis)** sa pamamagitan ng **REGEN-COV o Bam/Ete** ay isa pang paggamot na awtorisado ng FDA para sa mga taong may edad na 12 at mahigit pa na madaling hahantong sa malubhang COVID-19, kabilang ang pagkakaospital o kamatayan, at hindi nakumpleto ang mga bakuna o na hindi inaasahang mapataas ang sapat na pagtugon ng resistensya sa kumpletong pagbabakuna para sa SARS-CoV-2 (halimbawa: mga kondisyon na nakakapagpahina ng resistensya at paggamit ng mga gamot na nagpapahina ng resistensya), **AT**

- Nalantad sa isang taong nahawaan ng SARS-CoV-2 na alinsunod sa mga pamantayan ng CDC para sa malapitang kontak **O**
- Nasa mataas na panganib na malantad sa isang taong nahawaan ng SARS CoV-2 dahil sa pagkakaroon ng impeksiyon ng COVID ng iba pang mga indibidwal sa parehong institusyon (halimbawa, mga nursing home, bilangguan)

Mga Referral: Makipag-ugnayan sa inyong tagapagbigay ng medikal na pangangalaga **O maaaring i-refer ng mga pasyenteng madaling magkasakit** ang kanilang sarili sa Total Infusion para sa therapy na ito: <https://totalinfusion.com/make-a-referral/> o tumawag sa (510) 878-9528 para sa mga tanong tungkol sa pagiging kwalipikado.

Mga Pangkalahatang Tanong tungkol sa Monoclonal Antibody Therapy: Makipag-ugnayan sa Combat COVID Monoclonal Antibodies call center sa 1-877-332-6585.



**ALAMEDA COUNTY HEALTH CARE SERVICES AGENCY
PUBLIC HEALTH DEPARTMENT**

Colleen Chawla – Agency Director
Kimi Watkins-Tartt – Director
Nicholas Moss, MD – Health Officer

Contact
Public Health Department:
(510) 267-8000 Main Line
COVID-19 Information:
(510) 268-2101

www.acphd.org

Adapted from materials provided by the County of San Diego